Division: Kabataan

Category: Kabataan Sanaysay

# Kahimanawari: Mga Kwentong Aswang ni Lola Basyang

Malaki ang takot ko sa mga aswang, marahil dahil sa aking lola. Lumaki akong kinukwentuhan ng lola ko ng mga kwentong bayan na pinagbibidahan ng mga kapre, tikbalang, aswang at iba pang uri ng lamang lupa na may kakaibang lakas at kapangyarihan. Kaya noong musmos pa lamang ako takot na takot akong lumabas sa maliit naming kubo sa probinsya tuwing gabi dahil baka dagitin ako ng manananggal na mahilig daw sa malinamnam na batang tulad ko ayon sa mga kwento ni lola. Iniiwasan ko ring magturo gamit ang aking daliri at baka manuno ako ng mga dwendeng nakatira sa mga punso at bigla na lamang nila akong dalhin sa maliit nilang mundo at hindi na muling ibalik pa.

Sa pagdaan ng panahon, aking napagtanto na marahil ay niloko lamang ako ng mga kwentong kababalaghan ng aking lola noong bata ako. Saan ka ba naman kasi makakakita ng taong kalahating kabayo na may ginintuang buhok. Ni wala pa ngang pruwebang nagpapatotoo sa mga sirena at isa pa, hindi pa rin ako nadadagit ng mananaggal kahit ilang oras akong maglagi sa labas ng kubo tuwing gabi. Ngunit kahit ganoon, natanim na sa isipan ko ang mga paniniwalang aking kinalakihan dahil sa mga kwentong isinalaysay ng minamahal kong lola. Takot pa rin akong magturo ng aking daliri kapag nasa liblib na lugar,  mahirap na baka bigla na lamang akong tubuan ng halaman sa ilang parte ng aking katawan dahil sa mahika ng mga dwende. Iniiwasan ko pa ring magwalis tuwing gabi, bukod sa nakakatamad maglinis ng bahay, naitataboy

daw kasi ang swerte at pumapasok ang malas. At hindi ko pa rin kinaliligtaang bumili ng bawang tuwing pumupunta ako sa palengke, magandang panlaban daw iyon sa mga nagmamasid na aswang, mas mabuti na ang handa kung sakaling bigla silang sumalakay. Hanggang ngayon nagpapaniwala, o mas maganda sigurong sabihing nagpapauto pa din ako sa mga kwentong kababalaghan na aking kinalakihang basahin at pakinggan.

Paniguradong hindi lamang ako ang nabihag sa ilusyong totoo ang mga engkanto, diwata at mga lamang lupa. Hindi lang siguro ako ang patuloy pa ring sumusunod sa mga pamahiin. Malaki nga ang naging ambag ng mga kwentong bayan sa paraan ng pamumuhay ng karamihan sa ating mga Pilipino. Naisalin nang naisalin sa bawat henerasyon ang mga istoryang ito pati na rin ang paniniwala ng ating mga ninuno. Naging parte ito ng lipunang ating kinabibilangan. Ito ang panitikan. Binuo ng nakaraan, hinubog ng panahon at patuloy na pinauusbong ng kasalukuyan.

Ang panitikan ng isang bansa ang siya nga raw salamin ng kultura nito. Sa panitikan mo mababasa ang mayamang tradisyon ng isang bansa. Isinulat ito ng masinsinan, itinanim sa puso ng bayan upang maging puno na sasalamin sa kanyang lupang tinubuan.

Pasalindila ang pinaka-ugat ng literatura sa bansa. Inaawit ang mga tulang nagpapahalaga sa kapaligiran at kay Bathala. Binibigkas ang mga sinaunang nobela at mga akda sa bawat salinlahing magpapanatili sa yamang ipinamana ng nakalipas. Ito ang naging gabay ng sinaunang Pilipino sa kanilang pamumuhay.

Matapos ang ilang panahon, ang pasalindila ay napalitan ng pasalinsulat. Ang dating ugat ay tinubuan ng tangkay at dahon. Inukit ang mga salita sa mga katawan ng dahon. Ipininta ang mga pangungusap sa mga bato. Naimbento ang alpabeto at mas lalo pang lumawak at napadali ang pagpapalaganap ng panitikan. Naisulat ng ating mga ninuno ang kani-kanilang istorya. Mula sa mga bugtong na paboritong pampalipas-oras naming magkakabarkada noong elementarya, mga salawikaing naging basehan natin sa pagdedesisyon sa buhay, mga epikong puno ng hiwaga at aral hanggang sa mga alamat na tumatak sa puso ng bawat batang Pinoy. Sino nga bang hindi nakarinig ng istorya ng diwatang si Mariang Makiling pati na ang nakakadiring kwento na ang chocolate hills daw sa bohol ay hindi tskolate kundi tae ng isang matakaw na higanteng si Miguel at iba pang mga alamat tulad ng alamat ng saging, papaya, sayote, talong, kabayo, pusit, asin, bulate, asukal, utot, deodorant, libag at kuto na paniguradong kumiliti sa malawak na imahinasyon ng isang paslit? Ilan lamang iyon sa mga panitikang umusbong at pinasibol sa ating bansa.

Sa pagdaong ng mga Kastila sa ating baybayin, binago nila ang paniniwala ng mga sinaunang Pilipino. Ipinakilala nila ang wikang Espanyol at ang simbahang Kristiyano, dahil dito umusbong ang iba't-ibang literatura sa panahon ng pananakop. Nariyan ang mga korido, komedya, senakulo, at sarsuwela, mga panitikang tumatalakay sa matatag na pananampalataya. Sa pagnanais ng kalayaan, nalikha ang samahang propaganda. Naisulat ang mga akdang makabayan na nagmulat sa kaisipan ng bawat Pilipino sa pagmamalupit at pananamantala ng mga Kastila. Pinakamagandang halimbawa na siguro ang mga nobelang Noli Me Tangere at El Filibusterismo ng pambansang bayaning si Gat. Jose Rizal na mga akdang naging susi sa pagkawala sa

pang-aapi ng mga dayuhan. Dumating ang mga Amerikano kasabay ang paglipad nina Superman at iba pang mga komikong akda. Lumaganap ang mga akdang nasa wikang Ingles. Dito rin umusbong ang mga nobelang nagpatibok sa puso at nagparamdam sa atin ng pagmamahal. Hanggang sa pagpasok ng mga Hapon, patuloy na namukadkad ang Panitikang Tagalog sa pamamagitan ng mga maikling katha, tula, dula at nobela. Hindi naawat ang mga manunulat sa paglikha ng mga akda sa kabila ng kabi-kabilang pagpapasabog at limitadong karapatang magpahayag.

Sa pagsapit ng makabagong panahon at pagtatapos ng mga digmaan, tuluyan nating nakamit ang kalayaang magpahayag. Naipasa at nalagdaan ang iba't-ibang batas na nagpatibay sa sarili nating wika at panitikan. Sumulpot ang modernong teknolohiya na mas lalo pang nagpayabong sa literatura ng bansa. Sumibol ang makabagong manunulat na handang magsalaysay at isiwalat ang tunay na kalagayan ng kanyang lipunan.

Naniniwala akong makapangyarihan ang panitikan, malayu-layo na rin ang nalakbay nito. Kung nagawa nga tayong mapaniwala ng mga kwentong bayan sa mga engkanto at diwata, bakit hindi sa kapayapaan. Kung napaibig tayo ng mga romantikong babasahin, hindi imposibleng mapagbuklod-buklod tayo ng literatura. Kung nagawa nga noon ni Rizal na imulat ang bayan at lumaban para sa kalayaan gamit lamang ang papel at pluma, hindi malayong sa modernong panahon ngayon ang panitikan ang magiging daan para sa pagkakaisa.

Oo, malaki ang takot ko sa mga aswang kasinlaki ng paniniwala kong ang pagkakaisa ay kayang maabot sa pamamagitan lamang ng papel at pluma.

Sa huli, nasa ating mga kamay pa rin ang daan tungo sa pagbabago. Tayo ang gagawa ng paraan sa pagkamit ng inaasam nating pagkakaisa. Kung atin lamang gagawing basehan ang panitikan at ang mga aral na nakapalibot dito paniguradong darating ang araw na magwawakas ang gulo at mamumutawi ang kapayapaan. Tulad ng salawikaing winika ng aking lola “Kaya matibay ang walis, palibhasa'y nabibigkis.” Kung maghahawak-hawak lamang tayo ng kamay, tiyak na walang aswang ang ating kakatakutan, walang pader na hindi matitibag at walang bagyong magagawang makapigil sa pagsulong natin patungo sa pag-unlad.